

- 4** *Zinnias*  
on my mind
- 5** Mga gamit pang agrikultura at  
Livestock ipinamahagi para sa probinsya
- 7** Lupa ipinamahagi sa mga  
HOPE beneficiaries

VOLUME I No. 02

November 22-27, 2021

# Pres. Duterte leads inauguration of seaport development projects in Mindoro

November 18, 2021- President Rodrigo Roa Duterte leads the simultaneous inauguration of eight integrated seaport development projects in the provinces of Mindoro and

inspection of the Calapan Port Passenger Terminal Building (PTB) in Calapan City, Oriental Mindoro. Department of Transportation (DOTr) Secretary Arthur Tugade and Philippine

Ports Authority (PPA) General Manager Daniel Santiago joined the Chief Executive in the inauguration that includes two (2) port projects in the Port of Abra de Ilog in Occidental Mindoro, as well as port projects in the Ports of Calapan, Puerto Galera, Bulalacao, Mansalay, Bansud and Roxas.

Highlighting the simultaneous inauguration is the ongoing expansion of the Port of Calapan's PTB which can now accommodate 3,500 passengers at any given time. The PPA also completed the port's access road to prevent traffic build-up in the area.

Puerto Galera's new gateway port, the Port of Balatero, now offers comfortable passenger travel with an expanded PTB and an extended

*Continued to p. 3*



## Mga Natatanging Pulis ng Mindoro Oriental, pinarangalan

**Pinarangalan** kamakailan sa pamprobinsyang kapitolyo ang mga natatanging policemen ng Oriental Mindoro na may malaking ambag sa pangkalahatang kapayapaan at kagalingan ng mamamayang Mindoreño. Ang nasabing kapulisan ay kinilala ng Pamahalaang Panlalawigan sa pamamagitan ng Oriental

Mindoro's Finest: Search for Outstanding Policemen 2021.

Ang mga napiling parangalan ay mga pulis na kinikitaan ng mga natatanging kalidad ng pag-servisyo na may puso, disciplina at pagmamalasakit sa kapwa sa kanilang hanay.

Pinangunahan ni

Governor Bonz Dolor ang paggagawad ng pagkilala sa mga natatanging police officer ng lalawigan at pagbibigay rekognasyon sa iba pang may natatanging kontribusyon sa pag-servisyo sa lalawigan.

Ang mga nabigyan ng parangal ay ang mga sumusunod:

Commissioned Officers:	<b>PMAJ Marfredo B. Dulatre</b> <b>PLTCOL Roden Fulache</b>
Non Commissioned Officer:	<b>PSSg James Ryan C. Salmorin</b> <b>PCMS Maria Cecilia M. Jalamanan</b> <b>PSMS Henry R. Escarez</b>
Special Recognition:	<b>PMAJ Carmelo S. Aliño</b> <b>PSMS Melvin Q. Gabayno</b>



(Photo credit and Source: PIO Oriental Mindoro)

# THE TAMARAO JOURNAL

RUEL T. LANDICHO  
PUBLISHER

RAIA JENNIFER E. DELA PENA  
EDITOR IN CHIEF

MARIA GLENDA LANDICHO  
OPERATIONS AND CIRCULATION MANAGER

JACQUILOU LIRIO  
ANTON VIKTOR LANDICHO  
STAFF WRITERS

JORGE THOMAS BEATO  
LAY-OUT ARTIST / GRAPHIC DESIGN

REYMUND AL USSAM  
LEGAL CONSULTANT

THE TAMARAO JOURNAL IS A WEEKLY NEWSPAPER CIRCULATING IN THE PROVINCE OF ORIENTAL MINDORO, ISSUED EVERY WEDNESDAY. OFFICE: IBABA WEST, CALAPAN CITY, OR. MIN. CONTACT: 09175668361 EMAIL ADD: TAMARAOJOURNAL@GMAIL.COM

## LOOK: Some of the finished Barangay Building Projects in Calapan!



Bgy. Masipit - office of senior citizens, barangay reading center and office of sangguniang barangay constructed by the City Government of Calapan



Bgy. Bondoc Multi-Purpose Building constructed by the City Government of Calapan



Blessing of Barangay Multi-Purpose Building in Bgy. Navotas, Calapan City - constructed by the City Government of Calapan




## Puerto Galera mas madali na madadalaw ng mga turista!

Bukas na para sa mga turista ang Puerto Galera sa Oriental Mindoro, at mas pinadali na ang mga requirements para makapasok sa lugar:


1. Full vaccination card o negative COVID-19 test result. Libre lang ang antigen test nila para sa mga turista.
2. Hotel or resort booking confirmation
3. Tourist registration
4. S-pass registration

Ayon kay Puerto Galera Municipal Administrator Carmela Datinquinoo, noong matindi pa ang epekto ng COVID-19 pandemic, bumagsak sa 300-500 ang kanilang tourist arrival kada linggo, pero umakyat na ito ngayon sa 2,000-3,000 turista kada linggo.

Umaasa ang local na pamahalaan ng Puerto Galera na lalo pang makakaahon ang turismo sa lugar ngayong nalalapit na ang holiday season. | via Mela Lesmoras (PIO Mindoro Oriental)



## BELOW ARE THE ONGOING SEAPORT DEVELOPMENT PROJECTS IN MINDORO



## Pres. Duterte leads inauguration of seaport development projects in Mindoro



*Continued from page 1*

jetty and back-up area. The port's PTB can now accommodate 500 passengers at any given time as Puerto Galera reopens to tourists.

The improvement of the Port of Bansud's reinforced concrete (RC) platform, RoRo ramp and RC pier, meanwhile, will bolster the port's operational capability.

On the other hand, the Port of Bulalacao can now use

its maximum capacity and space with a completed and expanded back-up area.

With the expansion of the Port of Mansalay, the port can now accommodate the demands of shipping trade in the area. The seaport plays a major role in the Strong Republic Nautical Highway (SRNH) and has been identified as one of the major routes.

Development projects in the Port of Roxas include the expansion of its back-up area, RC platform and RoRo ramp and the installation of a new port lighting system.

Development projects for Occidental Mindoro's main seaport, the Port of Abra de Ilog, include the construction of its RC pier, RoRo ramp and access trestle, and construction of the port's new operations building.

## Pagbabakuna sa mga menor de edad kontra COVID-19 sa lalawigan, umarangkada na

CALAPAN CITY -- Matagumpay na naisagawa ang ceremonial vaccination para sa mga batang edad 12-17 years old na may comorbidities (Pediatric A3) noong November 2, 2021 sa Oriental Mindoro Provincial Hospital (OMPH).

Pinangunahan ang naturang gawain nina Gov. Bonz Dolor kasama ang iba't-ibang mga konsernado ahensya at indibidwal, kabilang na rito ang tanggapan ng Provincial Health Office (PHO) na pinangunahan ni Provincial Administrator Dr. Hubbert Christopher Dolor, mga kawani at medical fronliners ng OMPH sa pangunguna ni Chief-of-hospital Dr. Dante Nuestro at mga kawani ng Provincial Department of Health Office- Oriental Mindoro.

Kaugnay nito, pinangunahan ni Provincial Administrator Hubbert Dolor ang pagbabakuna na sinaksihan naman ni Gov. Dolor kasama si Ejay Falcon. Hinikayat naman ni Gov.

Dolor ang lahat ng mga hindi pa nakakapagpabakuna lalung-lalo na yung mga may comorbidities, dahil aniya, isa ito sa mga hakbang upang makamit ang tinatawag na "Herd immunity" laban sa COVID v-19.

Ani pa ng gobernador, sa pinakahuling talaan, nasa 41% na ng target na populasyon ng Oriental Mindoro ang nabakunahan na. Nangangahulugan lamang aniya, na matagumpay ang isinasagawang kampanya ng Pamahalaang Panlalawigan hinggil sa pagbabakuna kontra COVID-19.

Tuluy-tuloy naman ang isinasagawang pagbabakuna sa mga batang may comorbidities sa mga susunod na araw.

Malugod namang ibinahagi ng gobernador ang magandang balita na sa mga susunod ding mga araw ay maaari na ring bakunahan ang mga batang 12 pataas kahit walang comorbidity ang mga ito.

Nagpaalala ang ospital na mahalagang may bitbit na medical certificate at

clearance mula sa pediatrician ang magpapabakuna na patunay ng comorbidity at dapat ding magdala ng ID ang magpapabakuna at kasanang magulang o guardian, pati na patunay ng relasyon ng dalawa.

Sa huli, nagpaabot naman ng pasasalamat ang gobernador sa lahat ng mga nagtutulung-tulong partikular ang mga medical frontliners upang labanan ang kasalukuyang pandemya, aniya, sila ang pinaka importanteng haligi na patuloy na lumalaban sa pandemyang ito.

Sa mga may anak na edad 12 to 17 years old, maaaring mag pre-register sa link na <http://tinyurl.com/PediaCovidVaxMindoro>

Pagkatapos nito, antayin na lang ang announcement ng local government kung puwede na simulan ang pagbabakuna.

Sa kasalukuyan, Pfizer at Moderna ang mga brand ng bakunang maaaring mai-turok sa mga menor de edad ayon sa Food and Drug Administration (FDA) (Source: PIO Mindoro Oriental).

# Zinnias on my mind

WE HAVE BEEN living on a farm for the past five years and I must say that for the most part, we focused mainly on maintaining the field and planting vegetables and fruit trees.

Landscaping was not a priority because we lacked manpower and funds. It literally took us this long to have the means to start focusing on making our farm look “pretty”.

When I started planning for borders around our manicured field, I thought that cosmos plants would be fitting and I have this notion

that they are easy to plant and care for. So we started with that. But while waiting for our cosmos seeds to sprout, my husband’s friend brought along flower seeds from a nearby bee farm. I asked him what it was and typical of part-time farm hands, he told me he didn’t know the name but assured me they are pretty flowers.

Later on, I found out that these gifted seeds were zinnias. And they grew at the same time as our cosmos.

Needless to say I fell in love with zinnias after these initial plantings.

Zinnias are a genus of plants of the sunflower tribe, within the daisy family. They are annuals which means they need to be planted/replanted regularly or yearly. But that should not be an impediment since they are dead easy to propagate. You can literally just throw them out on your field and chances are the seeds will grow on their own. They are that hardy. I have been able to propagate 3 batches of zinnias so far. And it is easy enough to harvest the seeds from older or dying plants. You just have to be proactive about gathering the seeds from the dried out flowers and then re-sowing them.

In the beginning I would plant the seeds in small pots for transplanting to different areas around the garden. But I have since learned that it would be easier to just sow them direct onto the prepared soil. All it needs is a bit of vermicompost and lots of sunshine. During the rainy season there is no need for daily watering but if you want them



happy then a bit of regular watering should be done at the minimum during the dry season.

Zinnias are very good for bee farms but for myself I have realized that they are wonderful for one’s garden since they attract a lot of beautiful butterflies. On some mornings we look like a butterfly farm and it is a lovely sight indeed. And on mornings when I walk

outside with my coffee and look at the flowers and butterflies, I feel certain that I am happy.

Sparking joy sounds overused nowadays but I can say with no irony that a field of colourful flowers and butterflies on a sunny morning is a literal joy. If you are just planning your garden, please start with zinnias. You will not regret it one bit.



# PASTA ALA SOJU




THIS IS OUR VERSION OF THE MORE POPULAR PASTA ALA VODKA that you find on instagram or youtube. We used soju instead of vodka because it is more affordable and the substitution does not affect the flavour or quality of the resulting sauce. It still achieves the same effect as vodka, since the needed alcoholic properties are essentially the same.

Now, the principle behind using hard liquor (soju/vodka) in this dish is that the components of the soju as an alcoholic beverage serves to highlight the flavour of tomato or tomato sauce/paste. It helps make it more tomato-ey apparently. Thus making your sauce more flavourful.

We haven't made our own culinary experiments to be able to substantiate these claims though. And really, it doesn't matter. Pasta ala soju sounds so unique and the sauce is to die for. So just try it. Introducing this simple dish to your friends on pasta night would surely impress. Serve this with good garlic bread, a hearty salad on the side, red wine and you're good to go.

#### Instructions and ingredients:

- Heat  $\frac{1}{4}$  cup of olive oil in a saucepan. Add a small clove of diced garlic and  $\frac{1}{4}$  of a red onion, chopped. Cook until soft.
- Add  $\frac{1}{4}$  cup of tomato paste and cook until darker and slightly caramelized.
- Add 1 tbsp of Soju (original flavor only!) and stir until evaporated (until you can no longer smell alcohol).
- Stir in  $\frac{1}{2}$  cup heavy cream and 1 tsp chili flakes (more if you like it hotter).
- Stir until combined. Add in salt and pepper, then remove from heat.
- Cook about 2 cups of pasta in salted water in a separate pot using package instructions. Reserve  $\frac{1}{4}$  cup of pasta water.
- Drain pasta and transfer to sauce, stirring to coat. Add in  $\frac{1}{4}$  cup of reserved pasta water and 1 tbsp butter.
- Stir in  $\frac{1}{4}$  cup parmesan cheese.
- Top with even more cheese and chopped basil.



## Mga gamit pang agrikultura at Livestock ipinamahagi para sa probinsya



Ilan lamang sa ipinagkaloob na gamit ay centrifuge, ASF Nanogold Biosensir Test Kit, Heat Block, Extraction Kit at syringes

PINAGKALOOBAN ngayong araw ng Pamahalaang Panlalawigan ng mga kagamitanang makatutulong upang malaman kung kontaminado ang mga livestocks at pork products ng nakahahawang African Swine Fever (ASF)

Ang naturang gawain ay inisyatiba ni Congressman Rico Geron mula sa AGAP partylist katuwang ang Sorosoro Ibaba

Development Cooperative (SIDC).

Kaugnay nito, malugod na tinanggap ni Provincial Veterinarian Dr. Grimaldo Catapang ang mga naturang kagamitan.

Sa ngalan ni Governor Bonz Dolor, ipinaabot ni Dr. Catapang kasama ang mga kawani ng PROVET ang pasasalamat ng Pamahalaang Panlalawigan sa naging inisyatiba ng SIDC

at ni Rep. Geron. Hinikayat din ni Dr. Cata-pang ang mga mamamayan ng lalawigan na magtu-lung-tulong upang panati-lihing ASF Free ang lalawigan.

Ilan lamang sa ipinagkaloob na gamit ay centrifuge, ASF Nanogold Biosensir Test Kit, Heat Block, Extraction Kit at syringes (PIO Oriental Mindoro).

# Sektor ng Turismo, muling pasisiglahin sa tulong ng Philippine Tourism Influencers Program (PTIP)

UPANG tulungang mas maiangat ang sektor ng turismo sa lalawigan, nakiagtuwang ang Pamahalaang Panlalawigan sa pangunguna ni Gov. Bonz Dolor sa pagsasagawa ng 2nd Leg of the Philippine Tourism Influencers Program (PTIP) na naglalayong ipakilala ang mga natatanging atraksyon at destinasyon sa lalawigan.

Tumagal ng limang araw ang naturang gawain kung saan inilibot ang mga imbitadong influencers, tour operators, travel agents at media personnel sa tulong ng mga kawani ng Pamahalaang Panlalawigan katuwang ang Department of Tourism (DOT) at mga kawani ng mga Municipal LGUs.

Malugod na tinanggap ni Supervising Tourism Operations Officer Dr. Stepherson Calda ang mga panauhin sa lalawigan kung saan binanggit niya ang mga katagang "MAHAL TANA", na may dalawang kahulugan, una, ang ibig sabihin ay "Love, Let's Go" na nagpapahayag ng pang eenganyo na pumunta at bisitahin ang lalawigan at ang pangalawa ay ang apat na simbolo ng pagkakkilangan ng Oriental Mindoro; ang Mangyan, Halcon, Tamaraw at Naujan Lake.

Inilahad din ni STOO Calda ang estado ng turismo sa lalawigan at kung gaano naging kalaki ang epekto ng pandemya sa sektor na ito. Kung kaya't ganun na lamang ang galakan nito na mayroon ganitong uri ng gawain na naglalayong muling pasiglahin ang turismo hindi lamang sa lalawigan, mag-ing sa buong bansa.

Tampok sa naging unang araw ng gawain ang paglilibot sa iba't-ibang atraksyon sa bayan ng Puerto Galera unang ipinamalas ang ganda Muelle Port na sinundan naman ng pagbisita sa Talipnan Mangyan

Village upang masaksihan ang kultura ng mga katutubo rito. Nagtungo rin ang mga ito sa White Beach na isa sa mga pinaka popular na destinasyon sa lalawigan, nagtapos ang unang araw na gawain sa isang Sunset Yacht Route.

Iba't-ibang makabuluhang gawain naman ang isinagawa sa ikalawang araw ng PTIP. Nag Yoga at Pocoloco Danceteria ang mga ito sa White Beach. Sinundan naman ito ng Cart Ride activity mula San Teodoro patungong Tukuran Falls ng Puerto Galera. Nagtampisaw naman ang grupo sa mga ilog ng Infinity Farm, Baco bago pumunta ng Vista Pilla Floating Deck sa Socorro bago mag miryenda.

Bilang panghuling gawain sa ikalawang araw, nagkaroon ng welcome dinner ang Pamahalaang Panlalawigan sa Vencio's Garden, Calapan na pinangunahan ni Dr. Stepherson Calda bilang kinatawan ni Governor Bonz Dolor.

Pinamalas naman sa ikatlong araw ang kultura at atraksyon sa lalawigan, nagtungo ang grupo sa Simbahang Bato upang itampok ang isa sa mga pinakamatandang simbahang sa lalawigan, nagkroon naman ng demo cooking at food tasting ng iba't-ibang produktong gawa sa "bamboo shoots" (labong) sa Malubay, Gloria. Sinundan naman ito ng Bamboo slide sa naturang barangay.

Nagtungo rin ang grupo sa Gabutero Organic Farm sa Bongabong upang itampok ang isa sa kilalang Farm Tourist destination sa lalawigan.

Bilang panghuli, nag relax ang grupo sa pamamagitan ng serye ng mga Spa activities sa La Sersita Casitas Water Spa and Beach Resort sa bayan ng Mansalay.


Naglibot naman sa iba't-ibang isla sa bayan ng Bulalacao ang grupo sa

ika-apat na araw na sinundan ng pakikipamuhay ng mga ito sa Hanunuco Village sa bayan ng Mansalay.

Bilang kulminasyon ng PTIP, sa huling araw isinagawa nag "Scuba" na naglalayong linisin ang mga panatilihing malinis ang mga dalampasigan ng Puerto Galera na sinamahan ng snorkeling activity.

Inaasahan naman na ang naturang gawain ay higit na makatutulong upang muling pasiglahin ang turismo sa lalawigan sa pamamagitan ng PTIP kasama ang iba't-ibang konsernadong indibidwal, organisasyon at ahensya (PIO Oriental Mindoro).

Photo Credit: <https://www.facebook.com/travelorientalmindoro>




*Yoga at Pocoloco Danceteria sa White Beach*



*pagbisita sa Talipnan Mangyan Village upang masaksihan ang kultura ng mga katutubo*



*pagbisita sa iba't ibang tour sites ng Mindoro Oriental ng mga influencers, tour operators, travel agents at media personnel na imbitado ng Dept. of Tourism*



# Lupa ipinamahagi sa mga HOPE beneficiaries

October 31, 2021- Tinanggap ng 174 na mga tao ang titulo ng lupa mula sa HOPE Program or Housing Opportunities Towards People Empowerment bilang katibayan ng pagmamayari nila ng mga lote na kinatatayuan ng kanilang mga tahanan sa St. Joseph Village Resettlement Site sa Bgy. Bayanan 2. Ang bawat lote ay may sukat na 100 square meters. Pinangunahan ni City Mayor Arnan C. Panaligan ang pamamahagi ng titulo sa tinagurian niyang mga "bagong landowners." Ang St. Joseph Village Resettlement Site ay sinumulan noong taong 2001 kung saan si Mayor Panaligan na rin ang nakaupong mayor ng lungsod.

Ang proyektong ito ay bunga ng ugnayan ng City Government of Calapan



Si Mayor Arnan Panaligan at ang mga HOPE beneficiaries na may titulo na sa lupa nila.

programa.

Lubos ang galak at pasasalamat ng mga tumanggap ng titulo ng

lupa sapagkat pagkalipas ng

nila ng kanilang mga tahanan bilang mga legal na may-ari (Source: City Mayor Arnan C. Panaligan Official Page).

## Probinsya muling namahagi ng ayuda sa mga frontliners



CALAPAN CITY -- Nasa 541 na frontliners ang nabigyan ng food packs na naglalaman ng 5 kilong bigas at noodles mula Reeva PH ngayong araw.

Namahagi ang si Gobernador Dolor n kasama ang kanyang maybahay na si Gng. Hiyas Govinda Dolor, Oriental Mindoro Medical Society President Dr. Lorman Goco, Ejay Falcon, at ang GSM Team sa limang ospital sa lungsod. Ito ay ang Medical Mission Group Hospital (MMGH), Holy Cross Hospital, Luna Goco Medical Center, Santa Maria Village Hospital at Children's hospital.

"Sobrang nagpapasalamat ako sa inyo dahil sa simula pa lang ng pandemic kayo na ang nasa frontline. Araw-araw hinaharap nyo ang

sarili ninyo sa peligro," ani Gov. Bonz.

"Ang matatanggap ninyo ngayon ay sana'y mag-silbing alaala mula sa aming mag-asawa na kayo ay aming pinahahalagahan," dagdag pa niya.

Matatandaang kamaikilan ay nauna ng namahagi ang gobernador sa Oriental Mindoro Provincial Hospital at Maria Estrella General Hospital sa naturang lungsod.

Nakatakda namang mamahagi ang gobernador sa iba pang mga ospital sa lalawigan sa mga susunod na araw bilang pagpapadama ng pagpahalaga sa mga frontliners lalo na ngayon patuloy pa rin na lumalaban ang mga ito sa pandemyang Covid-19 (PIO Oriental Mindoro).

## Subscribe now to Tamarao Journal!

For subscription and advertising inquiries,  
email us at [tamaraojournal@gmail.com](mailto:tamaraojournal@gmail.com)

## Mga Natatanging Kawani ng Pamprobinsyang Pamahalaan, pinarangalan

NAGING emosyunal ang awarding of 2021 PGOM Outstanding Employees nang isa sa mga nahirang ay si G. Narciso Inay, ang matagal nang driver ng PGOM coaster at kawani ng Executive Assistant's Office ng Kapitolyo na inatake sa puso habang gumaganap sa kanyang tungkulin nang ito ay naka-travel patungong Bongabong. Tinanggap ng kanyang mag Ina ang tropeo at cash prize mula Kay Gob. Bonz.

Ang isa pang napili na out-



standing employee at ginawaran ng P25,000 cash prize ay si John Vernon Ramirez, isang Draftsman ng Provincial Assesor's Office (PIO Oriental Mindoro).



**NO MORE RT-PCR TEST REQUIREMENT FOR FULLY-VAXXED PUERTO GALERA TOURISTS**

EXECUTIVE ORDER NO. 46 SERIES OF 2021

## Bishop William J. Finnemann, SVD Memorial Plaza unveiled



Calero, Calapan City- The City Government of Calapan constructed this plaza after Bishop Finnemann was declared by the Sangguniang Panlungsod as a local hero for standing up to the Japanese military during World War II by opposing their plan to confiscate a religious convent as a site for the exploitation of women. For this reason, he was arrested and tortured by Japanese soldiers and transported on a boat to Batangas but he was thrown in the waters by his captors. The memorial plaza plaque reads as follows:

**WILLIAM FINNEMANN,  
SVD, D.D.**

First Bishop of Calapan (1936-1942)  
Missionary and Martyr  
A Hero for Calapeños

- Born on 18 December 1882 in Bueninghausen, Diocese of Paderborn in Germany
- Ordained to the priesthood as a Divine Word Missionary (SVD) on 29 September 1911
- Obtained Filipino citizenship when he was assigned as priest in Manila where he became Auxiliary Bishop
- Appointed as first Bishop of the Apostolic Prefecture of Calapan on 4 December 1936, the year that Mindoro Island was placed under the pastoral care of the Divine Word Missionaries (SVD)
- During World War II, when the Philippines was invaded by the Japanese Empire, Bishop Finnemann was arrested, imprisoned and tortured by Japanese soldiers for opposing the confiscation of the convent of the Holy Spirit sisters in the compound of the Sto. Niño Cathedral to be used for immoral purposes by Japanese soldiers, particularly in the exploitation of women
- In the morning of 26 October 1942, Bishop Finnemann was transported by the Japanese military on a vessel bound for Batangas and according to the Filipino witnesses on board, the Japanese soldiers tied him and threw him on the waters between Verde Island and Batangas mainland. His remains were never found.
- Truly a martyr and a hero for Calapeños for defending their rights against foreign oppression (PIO Oriental Mindoro).

## Mga Iskolar Magsasaka matagumpay na nagtapos ng pagsasanay sa Naujan

Nagtapos ng pagsasanay ng mga magsasaka sa "Production of High Quality Inbred Rice and Seed Certification and Farm Mechanization" sa Marqcha Agricultural Learning Center sa Bgy. Evangelista, Naujan. Kabilang sa mga nagsipagtapos ang mga magsasaka mula sa mga barangay ng Patas at Personas, Calapan City. Ang pagsasanay ay itina-

guyod ng Technical Skills and Development Authority (TES-DA) at Department of Agriculture. Ipinaliwanag ni City Mayor Arnan C. Panaligan sa mga magsasaka ang kanyang programa na Angat sa Kabuhayan Agrikultura Program (AKAP). Binigyang diin ni Mayor Panaligan na kailangan rebrisahin ng Kongreso at pangulo ang rice liberaliza-

tion policy ng pamahalaang nasyunal na nakakaapekto ng labis sa kabuhayan ng mga magsasakang Pilipino. Dapat ding bawasan ng pamahaang nasyunal ang labis na pagkililing sa importasyon ng pagkain at sa halip ay isulong ang lokal na produksyon ng mga pangunahing pagkain ng mga Pilipino (Source: City Mayor Arnan C. Panaligan Official Page).

Alkaline Ionized Water  
**ALKAJET**  
ALKALINE PURIFIED MINERAL  
Ibaba West, Calapan City, Or. Mindoro  
Contact: (Globe) 0966-485-4080 / TNT  
0948-667-1375

## GSM Mindoreño Disiplinados, sunod sunod ang panalo!



October 24, 2021- Nakapagtala ng dalawang magkasunod na panalo ang GSM Mindoreño Disiplinados sa Chooks-to-go NBL Chairman's Cup 2021 ng National Basketball League (NBL)-Pilipinas.

Unang tinalo ng koponan ng Mindoreño Disiplinados ang Parañaque Aces sa pamamagitan ng 2 overtime win sa score na 90-87. Nanguna sa koponan si Luigi Natada kung saan naka-pagtala ito ng 29 points, 4 assists, 5 rebounds at 3 blocks.

Ngayong araw naman ay naungusan ng Disiplinados ang Stan District 4 Spartans sa score na 101-88.

Nasungkit naman ni Jayjay Caspe ang Best Player of the game kung saan nakapagtala ito ng 22 points, 7 rebounds at 2 assists.

Hinangaan naman ni Governor Bonz Dolor ang angking talento ng mga atletang Mindoreño sa naging panalo ng mga ito.

Aniya, "isa lamang itong patunay na dapat pang mas linangin ang kakayahan ng ating mga atletang Mindoreño, dahil kaya nilang makipagsabayan sa lebel ng nasyunal, kung kaya't isa sa mga adhikain ko sa aking pamumuno ay ang mapagtunuan ng pansiñ ang palakasan sa lalawigan sa pamamagitan na rin ng pagtatayo ng Oriental Mindoro Sports Complex sa bayan ng Naujan, bilang training grounds ng mga ito."

Hinimok rin ng gobernador na patuloy na suportahan ang mga manlalaro sa mga natitira pang laban ng mga ito.

Nag debut din sa liga na ito si Ejay Falcon na tubong Oriental Mindoro upang maging dagdag pwersa sa ilalim ng nasabing koponan.

Matatandaan na ang GSM Mindoreño Disiplinados ay pinamumunuan ni Pola Mayor Ina Alegre kasama ang coach nito na si Benjie Teodoro (PIO Oriental Mindoro).



Mga iskolar magsasakang nagtapos ng pagsasanay sa Naujan.